

Ang tularemia ay isang napakaseryosong sakit. Ito ay nanggagaling mula sa bakterya na kung minsan ay natatagpuan sa mga daga, kuneho at iba pang mababangis na hayop.

Paano ako makakuha ng tularemia?

Ikaw ay maaaring makakuha ng tularemia kung ikaw ay:

- Humahawak ng mga patay na hayop na may impeksiyon,
- Nakagat ng garapata na may impeksiyon, deerfly o iba pang insekto,
- Kumain o uminom ng pagkain o tubig na nakontamina, o
- Nakalanghap ng bakterya na sanhi ng tularemia.

Ang tularemia ba ay mapanganib?

Oo. Ikaw ay dapat magamot ng espesyal na antibiotics **kaagad**, o ikaw ay maaaring mamatay. Kapag nagamot ng antibiotic, ikaw ay maaaring makaligtas.



Ano ang mga sintomas ng tularemia?

Ang mga unang sintomas ay karaniwang nag-uumpisa sa loob ng 3–5 araw:

- biglaang lagnat, giniginaw,
- namamaga, pananakit ng mga glandula,
- sakit ng ulo,
- pagtatae,
- sakit sa mga kalamnan at kasukasuan,
- tuyong ubo,
- panghihina.

Ang ibang mga sintomas ay depende kung paano ka naimpeksiyon. Maaaring mayroon kang sugat sa iyong balat o bibig, sakit sa lalamunan, pamamaga at sakit sa iyong mata o sa mga glandula sa iyong leeg, kilikili o singit.

Pagkatapos maaaring magkaroon ka ng pulmonya at mahirapan kang huminga, panikip sa dibdib, at ubong may madugong uhog. Ilang tao ang humihinto sa paghinga at namamatay.

Ang tularemia ba ay nakahahawa?

Hindi. Hindi ka mahahawa ng tularemia mula sa ibang tao.

Mayroon bang bakuna?

Wala.

Paano kung sa aking palagay ako ay may tularemia?

Tawagan ang iyong doktor o ospital **kaagad**.



Paano ko mahahadlangan ang pagkaimpeksiyon?

Maaari mong:

- Maiwasan ang mga kagat ng insekto,
 - Gumamit ng nakapagpapataboy ng insekto na may DEET sa iyong balat, at
 - Wisikan ang iyong mga damit ng isang nakapagpapataboy na may permethrin.
- Hugasan ang iyong mga kamay nang madalas na gamit ang sabon at maligamgam na tubig, lalong lalo na pagkatapos humawak ng mga patay na hayop,
- Palaging lutuin ang iyong pagkain nang mabuti, at
- Siguraduhin na ang iyong tubig ay nanggagaling mula sa ligtas na pinanggalingan.

Tawagan ang iyong beteryaryo kung ang iyong mga alagaing hayop na napakikinabangan o mga alaga (lalong lalo na ang mga kuneho, daga at iba pang hayop na nanggangatngat) ay magkaroon ng di-pangkaraniwang sintomas kagaya ng lagnat, pagbaba ng timbang, namamagang mga glandula, sugat, atbp.

Maaari bang gamitin ng mga terorista ang tularemia bilang sandata?

Ito ay posible, ngunit napakahirap ang pagkalat ng maraming bakteryang tularemia sa hangin.

Para sa karagdagang impormasyon...

Tawagan ang CDC (Centers for Disease Control) para sa impormasyon sa Tagalog:

800-CDC-INFO (800-232-4636)

888-232-6348 (TTY)

O bisitahin: www.bt.cdc.gov/agent/tularemia
www.dhs.ca.gov/epo